Marami ang humanga sa bagong mananakbo ni Gob. Sandy M. Javier Jr. na si Super Sonic na bumanderang tapos sa kamay ni Jesse Guce. Sa alisan ay marahan na pina ayre ni Jesse si kabayo habang nakatabi sa kanyang kanan ang sakay ni Toypits Guerra na si Blond Star, subalit nung pagpasok sa medya milya (800 meters) nung biglaang lumapit at sumama sa eksena yung naging paborito sa lahat na si Jun Tailor ni Dudong Villegas ay unti- unting hiningan na ni Jesse ang kanyang sakay. Pagliko sa may tres oktabos (600 meters) ay nakitaan na ng gana si Super Sonic habang kasunod na nila si Jun Tailor na pilit lumalapit, subalit nung pagpasok sa huling diretsahan at bingyan na ni Jesse ay lalong umektad si kabayo ng may higit sa lima o anim na kabayong agwat na sa dala ni Dudong hanggang sa tapusin ang laban. Pagkatapos nung laban ay marami ang bumilib sabay banggit na kakaibang kabayo kung tumakbo dahil halos pasimula pa lang para kay Super Sonic nung bibohan sa rektahan at higit sa lahat, para sa bagitong mananakbo ay malayo ang mararating ni kabayo sa tinapos niyang tiyempo na 1:28.0 sarado na may kuwartos na 13'-24'-25'-25' para sa 1,400 meters na distansiya. Samantala isa pang panalo ang muling ipinamalas ng hineteng si Jigger Paano sa sinakyan niyang si Filipino Emperor sa karerahan ng San Lazaro sa Carmona, Cavite. Hinahayaan muna ni Jigger na paunahin ang mga kalaban nilang may mga angking tulin sa arangkadahan na sina Go on Eugrene ni Renz Ubaldo, Dare To Be ni Oniel Cortez at Polilio Island ni Dan Camanero. Paglagpas sa medya milya (800 meters) ay unti unting ginalawan ni Jigger ang kanyang sakay dahil bukod sa mga nasa unahan ay naramdaman niyang gumalaw na rin yung iba pa nilang kalaban na sina Born In April ni Jordan Cordova at Spunk Attack ni Pao Guce, ikanga ay inunahan na niyang magparemate bago pa man makaremate iyong dalawa na nasa likuran nila, papasok sa ultimo kuwarto (400 meters) ay biglaang inagaw na nung longshot na dala ni Dan ang bandera kina Go On Eugene at Dare To Be sabay ektad ng may tatlong kabayong layo habang paliko sa huling kurbadahan, sa pagkakataong iyon ay humataw na si Jigger sa ibabaw ni Filipino Emperor at agaran namang nagresponde si kabayo. Dahil sa lakas ng pagremate at laki ni Filipino Emperor ay walang anuman na natabihan nila si Polilio Island sa huling 100 metro at nagtuloy tuloy na hanggang sa makarating sa meta na umabot pa sa mga tatlong kabayong layo. Naorasan ang karerang iyan ng 1:29.0 (12'-24'-25'-26') para sa 1,400 meters na distansiyang takbuhan.

# PARANGAL SA 20 PADA SA BAGUIO

PORMAL na pinagkalooban ng parangal ang may 20 PADA Person with Disability Athletes sa lungsod ng Baguio

Matatandaan na kamakailan lamang nagkamit ng maraming gintong medalya ang nasabing mga atleta ng Baguio City sa katatapos na Philippine PADA National Para-Games na ginanap sa Marikina City

Makaraang magkamit ng gintong medalya ang mga atleta nabanggit ang delegado ng Baguio na nagtala ng 10 gold medals, 14 silver medals at 8 bronze medals sa naturang okasyon

Kaugnay nito ang opisyal ng lungsod ay nagpahayag na nararapat lamang papurihan ang 20 PADA bunsod ng kanilang pagbibigay motibisyon

Samantala sa hinaharap na gaya ng Asian Para games, Asian Youth Para Games at World Paralympics Games at iba pa ay naging daan ang naganap na 2018 National Phils PADA National Para-Games ang mga nagwagi dito ay siyang mag represintanti ng bansa.



**JUICY JULY ZUMBA**: As part of the 2018 Nutrition Month Celebration, the Provincial Government of Cavite thru the Cavite Provincial Capitol Employees Multi-Purpose Cooperative initiated a zumba fitness program dubbed as Juicy July Zumba which was joined by the employees of the Provincial Government and members of the CPCEMPC. The two-hour long program has empowered the employees and was adored by all the participants. --**(PICAD)**

# CARLA ABELLANA, MAHILIG MAMBUKING?

**MUKHANG tila isa sa mga karakter o ugali ng magandang aktres na si Carla Abellana ang mambuking o mambisto.**

Talaga naman marami sa atin ang minsan ay hindi nakakapigil at sinasabi ang nasa sa loob.

Pero hindi ginagawa iyon upang manira o manakit bagkus kumbaga ay just for fun.

Kagaya ni Carla, mantakin ba naman na mayroong ibinuking hinggil sa kanyang celebrity boyfriend na si Tom Rodriguez.

Lately ay nakadaupangpalad ng aktor ang sikat na animator na si Mark Henn.

Hayun at ibinuking o ibinisto ni Carla na labis ang kabog ng dibdib o kaba ng kanyang nobyo sa tagpong iyon.

Pero pahayag ng seksing aktres na hindi naman maipaliwanag ang labis na kasiyahan na naramdam ng kanyang bf.

Mismong ang 32-anyos na aktres ang nag-post ng solo picture ni Tom habang hinihintay si Mark.

Sa paghaharap at paguusap ng dalawa ay mayroon din post silang tatlo.

Sabi ni Carla, super excited si Tom dahil si Mark ay isa sa mga iniidolo nito.

Pambubuking pa ni Carla, kung titingnan daw si Tom ay parang normal lamang pero sa totoo ay sobrang kinakabahan.

Labis ang pasasalamat ni Tom sa souvenir mula kay Mark na isang pencil sketch ng batang si Simba na mula sa pelikulang 'Lion King.'

Ang "Mulan," Ariel ng "The Little Mermaid," Belle ng "Beauty and the Beast," Princess Jasmine ng "Aladdin," at iba pang tanyag na Disney movies ay ilan lamang sa mga akda ni Mark.

Si Mark, sa edad na 60, ang nanguna sa two-dimension (2D) animator sa nanalong Academy Award for Best Animated Feature para sa 'Big Hero 6' at 'Frozen.'



BATIIN lang natin ang aktres na si Rich Asuncion para sa kanyang pagbubuntis.

Mismong si Rich ang nag-anunsuyo nito kasabay ng pagdiriwang ng kaarawan ng mister niyang si Benjamin Mudie.

Ang Filipino-Australian rugby player na si Benjamin at si Rich ay ikinasal nitong Mayo 28 sa Hong Kong.

Congrats Rich.



# Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(ika- 76 labas)**

MAS lalong humigpit ang pagkakayakap ni Lyka kay kapitan kasabay ng paulit-ulit na pasasalamat.

Batid naman ni Kardo na mas madadagdagan ang ipinahihiram niyang oras kay Lyka sa sandaling dumating na ang kanilang magiging supling.

"Takbo ka pa uli sa eleksiyon 'kap para last term mo na 'yun at tiyak naman na mananalo ka uli."

"Ang bilis talaga ng panahon, imagine malapit ng matapos ang second term mo."

Ilang buwan na lamang at magdaraos na naman ng barangay election.

Sa loob-loob ni Kardo ay kahit hindi siya himukin ng mga kaibigan ay talagang tuloy ang kanyang muling pagtakbo.

Lalo at magkakaanak sila ni Lyka kaya dapat lamang siyang magwagi upang mahati-hati niya ang kanyang oras.

"Pag-iisipan ko pa rin muna kasi para naman maasikaso ko ang aking maliit na negosyo."

"Isa pa ay medyo malaki na rin ang anak namin ni Inday kaya dapat natututukan ni misis sa pag-aaral."

Hindi naman nagpapahalata si Kardo na talagang interesado siya para sa ikatlong termino.

Nasa kinder ang anak nila ni Inday at sa darating na pasukan ay grade one na.

Dahil nahihiram ni Lyka ang oras ni kapitan kaya si Inday ang tumututok sa kanilang grocery.

Tapos ay si Inday din ang nag-aasikaso sa kanilang anak pati ang mga gawain sa bahay.

"Ano ba ang plano mo? Tatakbo ka pa ba para sa last termo mo o hindi na."

Sa bahay habang nagpapahinga ay naguusap ang mag-asawa at tulad sa mga kaibigan ay kunwari pa si Kardo sa pagsasabi sa kanyang misis na pag-iisipan pa niya ang pagtakbong muli.

"Kung ako sa 'yo Kardo eh tumakbo ka uli tutal ay last term mo naman na 'yun eh."

Mismong si Inday pa ang naghihimok kay Kardo para muling tumakbong kapitan sa kanilang barangay.

"Hoy! 'Di na pinag-iisipan pa 'yan basta takbo ka uli. Maganda naman ang record mo kaya mahal ka ng mga tao."

Malalim ang iniisip ni Kardo na hindi alam ni Inday ay si Lyka ang laman ng utak ng kanyang mister.

Ang akala lamang ni Inday ay tungkol sa pagtakbo muli ni Kardo ang dahilan kung bakit malalim iniisip ng asawa niya.

(Itutuloy)

# MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

**(ika-75 labas)**

WALANG makakapigil kay Dagul para magpunta ng Visaya area dahil nais niyang makahanap ng kasagutan ang mahiwagang pangyayari kay Aling Tita.

Iba-iba naman kasi ang dialect kahit sabihing ikaw ay isang Bisaya.

Sa teritoryo o area ng mga Waray ang tumbok ni Dagul kahit alam niya na delikado ang kanyang lakad.

Lalo pa at may naririnig si Dagul na ang mga Waray daw ay sadyang palaban.

Ibig sabihin ay matatapang daw ang mga Waray na bukod sa hindi umuurong sa away o gulo ay nakahandang mamatay.

Pero iba rin naman si Dagul, hindi kinatatakutan ang kamatayan basta alam niyang nasa tama siya at nasa kanyang likod ang Diyos.

Maluwalhating nakarating si Dagul doon at naghanap ng maayos na matutuluyan.

Bago pa man magtungo roon ay isa sa pinaghandaan ni Dagul ay ang salita ng mga taga-Waray.

Nakakaintindi at kahit paano ay nakakapagsalita si Dagul ng Waray kaya kumbaga sa salitang kanto ay hindi siya mabebenta roon.

Isa sa mga kaibigan ni Dagul ang biglang tumawag sa kanya at tinatanong kung nasaan siya.

"Narito rin ako ngayon."

Kaagad nakipagkita si Dagul sa kanyang kaibigan na si James na hindi naman isang Waray.

"Naimbitahan lang ako ng isa ring kaibigan na magbakasyon muna rito sa kanila."

Pagkatapos sabihin ni James kung bakit naroon siya ay tinanong naman niya si Dagul.

Hindi alam ni Dagul ang isasagot sa kaibigan at iniisip kung sasabihin nga ba niya ang pakay sa lugar na iyon.

"Sa totoo lang ay may hinahanap akong tao rito kaya lang ay may malaking problema ako."

Napag-isipan ni Dagul na sabihin na rin ang totoo sa pagbabakasakaling matulungan siya ni James o ng kaibigan ni James na purong Waray.

"Ang mabuti pa ay sumama ka sa akin para maipakilala rin kita sa kaibigan ko."

Hindi nagdalawang-isip si Dagul na sumama kay James baka makakuha siya ng impormasyon.

"Talaga!"

(Sundan)

# BOOK OFFERING TURNING POINTS IN BACOOR HISTORY LAUNCHED

**BACOOR CITY, Cavite – A book, entitled "Proclamation: Philippine Independence - The Truth About Aug. 1, 1898 Bacoor Assembly (A Historiographical Inquiry)" was launched Wednesday at the Plaza de Mariano Gomez here.**

The launching is seen to offer researched data and analysis of an important yet unrecognized part of the country's Proclamation of Independence which happened in this city.

The city government of Bacoor, led by Mayor Lani Mercado Revilla commissioned Philippine Historical Association (PHA) President Dr. Emmanuel F. Calairo to examine, research and collate in book form the turning points in Bacoor history, the 'Bacoor Assembly' included as part of the city's program to highlight the role it played in shaping national history.

The book's focus is the Bacoor Assembly on Aug. 1, 1898 which gathered close to 200 "Presidente Mayor" or the present local chief executives or mayors from different provinces of the Philippines in this old Cavite town then where they took their oath of office and ratified the document on the Declaration of Philippine Independence.

This 'Aug 1 Act of Independence,' authored by Apolinario Mabini, was immediately distributed to other countries and the same document was ratified at the Malolos Congress, "which was convincingly established by Calairo in the book," part of the impressions shared by Bacoor Historical Society President Dr. Jose Andres L. Diaz.

Jose Napoleon L. Cuenca, current head of Bacoor's Tourism Cluster and a great grandson of the original owners of "Bahay na Tisa" or Aguinaldo's "Malacañang" at that time, has advised readers to understand the words "declaration, proclamation, ratification and promulgation" for a better appreciation of the message relayed in this important publication.

Cuenca added that this book will level up questions and queries of what truly transpired then during the dictatorial years, the revolutionary government, until the establishment of the first republic in Asia.

Although the (1898) Bacoor Assembly, the event in general, is now recognized as part of the (Philippine) Independence trail: from Alapan in Imus on May 28, to the declaration of the country's independence at Kawit town on June 12, the Bacoor Assembly on Aug 1 and the Malolos Congress on Sept 29, which all happened in 1898, the book seeks to lobby the country's leaders to also recognize this 'Bacoor' proclamation.

Mercado acknowledged that highlighting the Aug 1 event may become controversial matter, because it claims a "proclamation of independence" apart from what is annually celebrated in Kawit on June 12.

"However, the city's commitment towards understanding the real happening in Bacoor and its constituents is our priority in order to show to our people that once upon a time, Bacoor stood up to be the center of the revolutionary struggle in Philippine history," Mercado stressed.

And asked if the book will lead towards a petition to Congress to change the country's proclamation of independence, Calairo's advice is to read the book to find out.

The book launching is one of the highlights of a 3-part program, which includes the unveiling of the Plaza de Mariano Gomez marker and the premiere showing of the documentary film "Agosto Uno, Kasaysayang Nakalimutan" to commemorate the 120th year of the Bacoor Assembly.

The book containing 250 pages book from cover to cover, a product of a year of research and months of writing, is given free by the city government.

Senator Aquilino Pimentel III was the guest-of-honor and speaker during Wednesday's event with former Prime Minister and President of Cavite Historical Society Cesar E. A. Virata and National Historical Commission of the Philippines (NHCP) Chair Dr. Rene R. Escalante, with provincial and local officials, including the province's various historical groups and advocates. ***(Gladys Pino-PNA)***



Ang 3-anyos na batang lalaki na nasagip ng MPD PS3 katuwang ang Muntinlupa City PCP 4. **(BRIAN GEM BILASANO)**

# Totoy nasagip sa palaboy na kidnaper

ARESTADO ng mga tauhan ng Manila Police District (MPD) ang isang palaboy na dumukot sa isang 3 anyos na batang lalaki sa isinagawang follow up operation kamakailan sa Sucat, Muntinlupa City.

Dahil sa tulong ng social media at mabilis na aksyon ng MPD Station 3 sa pamumuno ni Supt. Julius Ceasar Domingo ay nabawi ang biktimang si alyas Totoy.

Ikinasa ng Blumentritt Police Community Precinct (PCP)ang operasyon nang makatanggp ng positibong impormasyon mula sa dalawang babae na namataan nila ang suspek bitbit ang batang tinangay kamakailan sa Sta. Cruz, Maynila

Dakong 10:00 Martes ng gabi nang ikasa ng mga tauhan P/Sr. Insp. Edison Ouano ang rescue operation sa biktima.

Nadakip ang suspek na nakilala lamang sa alyas na 'Marian Baliw,' hinihinalang may sayad sa isip, sa ilalim ng flyover sa Sucat interchange, Muntinlupa City.

Napag-alaman sa impormante na nakakita sa suspek at biktima na tatlong araw na ang mga ito na paikut-ikot sa labas ng kanilang tindahan.

Aniya, nakita nila ang Facebook posts na nagbabalita na tinangay ng suspek ang bata.

Dahil dito kaagad nilang kinontak ang ina ng bata at saka nakipagkoordina sa pulisya na nagresulta sa pagkakabawi sa biktima.

Ayon pa sa mga tipster, nagpanggap ang susoek na anak ang biktima at sinabing lulong sa droga ang ina nito kaya sila umalis.

Nauna rito, Huwebes ng nakaraang linggo, nang tangayin ng suspek ang bata na noon ay nakatambay sa labas ng kanilang bahay.

Kasong kidnapping ang kinaharap ng suspek na nakapiit sa MPD Station 3. **( BRIAN GEM BILASANO)**



ANG mga operatiba ng SOCO habang nagsisiyasat matapos ang ginawang panlalaban ng dalawang suspek sa mga tauhan ng MPD 7.**(BRIAN GEM BILASANO)**

# 2 'Tulak' tigbak sa parak

PATAY ang dalawang markadong tulak ng iligal na droga makaraang makipagbarilan sa isinagawang buy bust operation ng mga operatiba ng Manila Police District (MPD) Huwebes ng madaling araw sa Tondo, Maynila.

Nakilala ang mga suspek na sina Noel Cervantes, alyas Alex, nasa hustong gulang, walang trabaho; at alyas Athan, kapwa miyembro ng Batang City Jail (BCJ), ng Antipolo St., Tondo.

Ayon kay MPD Station 7 commander Supt. Jerry Corpuz, pakay ng kanyang operatiba na hulihin lamang ang dalawang suspek subalit sa gitna ng operasyon ay biglang umiktad ang isa sa mga suspek na nakasakay pa sa motorsiklo at pinaputukan ang pulisya.

Base sa ulat, naganap ang buy bust operation dakong 4:00am sa madilim na bahagi ng tulay ng Lambingan New Antipolo St. kung saan nasorpresa umano ang pulisya nang paputukan sila ng mga suspek dahilan ng agarang pagkamatay ng dalawang tulak ng droga.

Nabatid na maliban sa pagtutulak ng droga bilang kagrupo ng isang alyas "Badong" ay lumalakad rin ng holdap ang dalawang suspek na matagal ng inireklamo sa naturang lugar.

Nadiskubre sa mga suspek ang 7-piraso ng sachet ng shabu na nagkakahalaga ng P1400, buy busy money at isang .22 kalibre baril na loaded at may isang basyo ng bala, .38 kalibre baril at isang motorsiklo na kapwa gamit nang nanlaban ang mga ito.

Sa pagsisiyasat ng SOCO, natagpuan sa crime scene ang isang wallet na naglalaman ng 11-piraso ng pakete ng shabu na nagkakahalaga ng P2k at mga basyo na bala na ngakalat sa crime scene.

Kasalukuyang nasa kostudiya ng pulisya ang motorsiklo na ginamit ng mga suspek na nanlaban sa naganap na operasyon. **(BRIAN GEM BILASANO)**


CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**


**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**


**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/ 0918-6174067**

# CROSSWORD





**PAHALANG**
1 Duwende
3 Pagkagiba
7 Kasalungat ng mura
12 Gaway
13 Magkabilang panig ng gilagid sa gawing ibaba
14 Pag-aari ng hari o Reyna
16 Kulay ng dugo
17 Sinasambit pagkatapos ng dasal
18 Maskot
21 Peklat
23 Umaasam
25 Tining
29 Gulo
30 Amoy ng sunog na sinaing

**PABABA**
2 Makapangyari hang bansa
4 Bating banyaga
5 Adolf Hitler
6 Koponan sa UAAP: inisyal
7 Parang hayop ang ugali
8 Boss
9 Barkilyos
10 Titining
11 Lokal na tarzan
15 Kasalungat ng No
19 Negrito
20 Unang bilang
22 Huni ng daga
24 Kurso sa STI o AMA
26 Notang musikal
27 kahol ng aso
28 Upper Ground


**PAHALANG**
1 Pagpilipit
7 Koponan sa UAAP: inisyal
9 Pulis
10 Tawag sa ama
12 Trak na pampasahero
14 Key-Auto-Key
15 Termino sa golf
16 Esperansa
17 Ms. Mina: artista
18 Statement of Assets and Liabilities
19 Palayaw ni Ramoncito
21 Kasalungat ng No
22 Dag-is
23 Propeyad
24 Magazine: daglat
26 Yugto sa karera
28 __ Cola: softdrink
31 Ilaw ng tahanan
32 Opisina ng Muslim
33 Cardinal ___
34 Oki Doki __-: tv show
36 Pera sa Japan
37 Istasyon ng radyo
38 Pagsaliksik
40 Simbolo ng sodium
41 Mike __: mang-aawit


**PABABA**
2 Internet Provider
3 Lalawigan sa Thailand
4 Tangway sa Japan
5 Tunog ng sampal
6 Ingay ng daga
7 Ginagawang pasas
8 Kaaway ng aso
10 Kapartner ni Mare
11 Barya sa kasal
13 Sandigan
15 Paggalaw ng buntot ng aso
19 Libo
20 Palayaw ni Napoleon
24 Banal na pagdiriwang ng mga Kristyano
25 Sais
27 Imbulsa
29 Pangitain
30 Busog at palaso
34 Palayaw ni Daniel
35 Ikli ng Kapitan
38 Hane? Ano?
39 Magalang na tugon





**Sagot sa nakaraan:**





# WORD SEARCH

BAY
BLINDS
BREAK
CLOSE
FRAME
GLASS
HEAT
LEDGE
LOCK
SASH
SEAT
SHADES


N O E I L A S O R N G R W V V
S N A D I N E U L H O R K A E
I U S T A J S G T S Y R U I R
F M T M A T E I A O W T A D O
R L U E L A D A L L S D T Y N
E O Y O N U R I N E L A A L I
E R B V J T V D A N R E B E C
B E C A O I E L N B E R Y N A
O T L P A N L G O A X E N A K
M T S I A I N A A D S I F N A
R A H H W I R E G R Y N E O E
D N R C T A N Y A R E R E K B
R N N Y K U A T E E A E V A N
F I N I S H R S L K E E E I W
S B P R I S C I L L A O N S P

BUSINESS
CENTER
CORRECT
ELECTRIC
FORM
INDEX
INK
LETTERS
LOCK
MARGIN
PAPER
PITCH

K C Y S A N T R A C K S L B D
D E G A G G U L Y B C I T A E
D C K E B E A A I D B A E S S
E S C B D A S U R E C S R N T
V P O L U T G A S O D E T S I
A R L A E L O G N T G E I E N
D T C P V B A D A N A W D S A
I I S E A D U T E G I E R T T
S M B L U C N S E N E I S R I
J E L E T E S R D K A N A A O
U A C O N A H O A H C L F P N
N M R E P C W R C I P I H E B
C U A S E O H E V C I N T D B
T N H P C C R A L E V I R R A
S A C S C H E D U L E P B I T

**Sagot sa nakaraan:**





# SUDOKU

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | 3 | | | 2 | | |
| 6 | | | | | | | 8 | |
| | | 7 | | 9 | 1 | | | |
| 2 | | | 6 | | | 1 | | |
| 4 | | | | 7 | | | | 2 |
| | | 1 | | | 2 | | | 7 |
| | | | 8 | 5 | | 3 | | |
| | 1 | | | | | | | 8 |
| | | 9 | | | 6 | | | |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 1 | | 3 | | 5 | | |
| | | | | | 9 | | 2 | 1 |
| | | 8 | | | | | 4 | |
| | | | | 1 | | | | 9 |
| 6 | | | | | | | | 7 |
| 5 | | | | 8 | | | | |
| | 7 | | | | | 3 | | |
| 3 | 2 | | 4 | | | | | |
| | | 9 | | 5 | | 1 | | |

**Sagot sa nakaraan:**

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 5 | 6 | 8 | 1 | 4 | 2 | 3 | 9 | 7 |
| 9 | 2 | 3 | 7 | 8 | 6 | 5 | 1 | 4 |
| 4 | 1 | 7 | 9 | 5 | 3 | 2 | 8 | 6 |
| 7 | 8 | 1 | 2 | 9 | 5 | 4 | 6 | 3 |
| 2 | 4 | 6 | 3 | 7 | 8 | 9 | 5 | 1 |
| 3 | 9 | 5 | 4 | 6 | 1 | 7 | 2 | 8 |
| 8 | 7 | 4 | 6 | 2 | 9 | 1 | 3 | 5 |
| 1 | 5 | 9 | 8 | 3 | 4 | 6 | 7 | 2 |
| 6 | 3 | 2 | 5 | 1 | 7 | 8 | 4 | 9 |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 9 | 7 | 2 | 5 | 8 | 4 | 3 | 6 |
| 4 | 5 | 8 | 6 | 1 | 3 | 2 | 9 | 7 |
| 3 | 6 | 2 | 4 | 7 | 9 | 1 | 5 | 8 |
| 5 | 2 | 9 | 1 | 8 | 6 | 3 | 7 | 4 |
| 7 | 8 | 4 | 3 | 9 | 5 | 6 | 2 | 1 |
| 6 | 3 | 1 | 7 | 4 | 2 | 9 | 8 | 5 |
| 2 | 7 | 3 | 8 | 6 | 1 | 5 | 4 | 9 |
| 8 | 1 | 5 | 9 | 2 | 4 | 7 | 6 | 3 |
| 9 | 4 | 6 | 5 | 3 | 7 | 8 | 1 | 2 |

# DOH-CALABARZON STARTS PROFILING OF DENGVAXIA CASES

**“The profile of the recipients and their scheduled physical examination will generate evidence-based intervention needed for their evaluation. An individual’s health profile is important to manage the health information that will include a comprehensive summary of their medical or health history. This must include personal health history, medical conditions, medications and emergency contact information. It will help health workers to clearly organize critical information of every Dengvaxia vaccinee,” Regional Director Eduardo C. Janairo stated.**

“Without proper action, the Dengvaxia confusion in the country will continue to bring scare and panic not only to affected individuals and their families but also to the rest of the country.

Not only that it will cause lower vaccination coverage and distrust but will also affect the psychological behavior of the children who were vaccinated,” he emphasized.

The regional office has been closely monitoring Dengvaxia recipients regularly and providing necessary medical support every time a need arises.

Janairo added that parent leaders of various provinces were also tapped to provide additional support in the reporting and monitoring of vaccinees in their respective areas.


According to the Regional Epidemiology Surveillance Unit (RESU), there are a total of 16,694 Adverse Event Following Dengvaxia Immunization (AEFDI) from December 1, 2017 to July 27, 2018. There are 52 deaths recorded. Majority of cases, 8,553 were female.

Age ranged from 2 years old to 46 years old. Laguna province had the highest number of reported AEFDI cases with 4,998 (30%) cases followed by Batangas with 4,476 (27%), Cavite - 3,336 (20%), Quezon – 2,399 (14%) and Rizal – 1,486 (9%). There are 1,405 AEFDI cases admitted and 321 (23%) were diagnosed with Dengue fever.

“We will work to complete the profiling of patients before the end of this year to be able to have an accurate data and be able to know where to locate each recipient and improve our ability to manage them efficiently and avoid potential hazards to their health,” Janairo assured. **BOY NAMORA**



**ITINUTURO** ang cellphone, wallet at dalawang patalim na nakuha sa pag-iingat ng dalawang bagitong menor de edad na nangholdap sa 40-anyos na taxi driver na si Art Virgo, ng Bagong Ilog Pasig. Lulan ng naturang taksi ang dalawang suspek na agad na naaresto ng Tactical Motorcycle Rider ng (TMR) Manila Police District Station 6. **(Christian Heramis)**



**NAGSAGAWA** ng inspeksiyon si DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo Janairo sa isang natenggang konstruksiyon ng Mabini Community Hospital sa Mabini, Batangas. Nangako si Janairo ng tulong. **GENE ADSUARA**



**MALUGOD** na tinanggap ni P/Supt.Albert T. Barot (kanan), station commander ng Station 6, Sta. Ana, Manila, ang Plaque of Recognition at Certificate of Commendation mula kay P/Chief Supt. Rolando B. Anduyan, district director ng Manila Police District bilang ‘Outstanding MPD Police Station in PCR of the Year.’ Kasama sa larawan sina P/Sr. Supt. Antonio Yarra (ODDO) at Sr. Supt. Danilo Macerin (CDDS). **BOY NAMORA**



Nadakip ng mga tauhan ni Supt. Albert Barot, hepe ng Sta. Ana MPD Station-6, ang suspek na si DJ Dacuycoy,25, na sinasabing Top 5 most wanted ng Sta. Ana kaugnay ng kasong robbery. Siya ay naaresto sa bisa ng warrant of arrest na ipinalabas ni Judge Manuel L. Sese ng RTC Branch 134. **(Christian Heramis)**



Ang grupo ng Tactical Motorcyle Riders (TMR) ng presinto 11 Q.C. Police na nagsasagawa ng checkpoint sa mga sasakyan at motorsiko sa Welcome Rotonda, Q.C. **(FREDDIE M. MANALAC)**

# Itinatayong public hospital, ‘di mapapakinabangan?

PINANGANGAMBAHANG hindi na mapapakinabangan ng tatlong bayan ang itinatayong pampublikong hospital matapos na tanggalan ng pondo ng Department of Budget and Management (DBM).

Sinabi ni Dr. Melanio Ramir Beloso, Municipal Health Officer ng Mabini, Batangas na sinimulan ang konstruksiyon ng Mabini Community Hospital sa Brgy. Niogan, Mabini, Batangas noong 2012 pero dahil sa kakulangan ng pondo ay nakatengga ito hanggang ngayun.

Inilapit ng local government ng Mabini, Batangas sa Department of Health (DOH) ang problema subalit tinapyas ito sa original na P140 milyon budget ng DBM sa P3 milyon para sa 2018 budget.

Nangako naman si Department of Health (DOH)-CALABARZON (Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon) Regional Director Eduardo Janairo sa local government ng Mabini, Batangas na tutulong sa pagpapatayo nito matapos ang ginawang inspeksiyon sa nakatiwangwang na mga gusali nito.

Tatlong bayan mula sa Batangas kabilang ang Mabini, Bauan at Tingloy ang makikinabang kapag natapos ang konstruksiyon ng Mabini Community Hospital. **GENE ADSUARA**



Nagpakuha ng larawan ang ilang miyembro ng Tactical Motorcycle Riders (TMR) na sina PO1 Rumbaoa, PO1 Viloria, PO1 M. Villanueva, PO2 Villaruel at PO1 J. Villanueva na nagsasagawa ng checkpoint sa mga dumaraan sasakyang at morosiklo sa Welcome, Rotonda. **(FREDDIE M. MANALAC)**



Patay sa ambush ang BJMP Officer na si Jail Insp. George Delpin, 49, matapos tambangan lulan ng kanyang Mutsubishi Adventure (PJQ 551 SUV red) habang papauwi mula sa trabaho sa Camp Bagong Diwa, Taguig, sa kahabaan ng Sagrada St. cor. Oro B St., Sta Ana, Maynila. **(Christian Heramis)**

# 2 MIYEMBRO NG 'BUKLOD' NAGPAPUTOK SA HARAP NG BRGY. HALL SA SILANG. TIMBOG

**ARESTADO ng Cavite Police ang dalawang miyembro ng BUKLOD, isang samahan ng mga magsasaka, matapos na magpaputok ng baril sa harapan ng barangay hall sa Silang, Cavite.**

Kasong paglabag sa Sec. 3 ng PD 1866, Sec 1 ng RA 9516 at Sec 28 (i) of RA 10591 (Illegal discharge firearm) ang isinampang kaso laban sa mga suspek na sina Jeffrey Lagoras Aligacion, 34, may-asawa; at Ryan Hernandez Solis, 35, kapwa residente ng Brgy. Adlas, Silang.

Sa report ni PO2 Carlito Jimeno, ng Silang Municipal Police Station, sakay ang mga suspek ng motorsiklo at pagsapit sa harapan ng Barangay Aldas ay walang habas na nagpaputok ng M16 si Aligacion saka tumakas sa direksiyon ng boundary ng nasabing barangay at Dasmarinas City, dakong alas-9:30 ng gabi.

Nagsagawa ng follow up operation ang Silang police na nagresulta sa pagkakaaresto sa mga suspek kung saan narekober sa kay aligacion ang isang granada, habang apat na bala ng M16 ang nakuha naman kay Hernandez.

Ang BUKLOD at the Lupang Ramos ay isang samahan ng mga magsasaka sa naturang bayan.

Ang mga suspek ay ikinulong sa Silang Custodial Center. **GENE ADSUARA**

# San Juan is new Trece Martires police chief

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite** –Chief Insp. Lyman O. San Juan, former Calabarzon Regional Protective Security Unit chief, was designated the new officer-in-charge (OIC) of the City Component Police Station here, replacing Supt. Reynan Patam, according to the Cavite Police Provincial Office (PPO).

San Juan on Tuesday vowed to have 'more police visibility' in his area of jurisdiction, saying that more police on the street "will prevent lawless individuals, groups from committing crimes."

"Police is not just about crime solution, but also deals with crime prevention, thus the need to put more weight in averting crime," said San Juan, a Philippine National Police Academy (PNPA) Class of 1995 graduate.

PPO, headed by Senior Supt. William Segun, said Patam was re-assigned to the PPO.

Aside from San Juan, the Cavite Police also said Supt. Bonifacio Bosita would be its new Public Information Office Chief.

Bosita replaces the former PIO head Chief Insp. Chito Macaspac, who is now with the PNP's Highway Patrol Group . ***(Gladys Pino-PNA)***



Tuwang-tuwa ang tatlong taon gulang na batang lalaki na si Zhian Romero Avenido sa kanyang unang natanggap na award mula sa guro, Joyland Calan Wildcat Development School Center ng Wildcat Village, Barangay Ususan Gen. Dado St., Taguig City. Hinangaan si Zhian sa pagtula na mayroong title na 'Ang Carrot.' Ipinaliwanag ni Zhian sa kanyang tula ang mga sustansiya mula sa carrot at bitamina nagpapalinaw sa paningin ng mata ng mga tao. Si Zhian ay bunsong anak nina Diomedes Avenido at Lileth Romero at apo ni Don Renato Arguinoso Avenido ng Las Vegas, Nevada U.S.A. **(Freddie M. Manalac)**

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

## KALIBRE



**ROMY SANTOS**
**0977-7844136**

## Congrats PAPI President Mr. Nelson Santos at sa lahat ng nahalal

IDINAOS ang Publishers Association of the Philippines Inc. (PAPI) Midyear Conference and Election of Officers nitong nakalipas na Hulyo 31 at ginanap sa Bulwagang Plaridel ng National Press Club sa Magallanes Drive, Intramuros, Manila.

Makabuluhan ang kinalabasan ng pagtitipon at maayos na nairaos ang halalan.

Binabati natin si Mr. Nelson Santos sa muli niyang pagkakaluklok o panalo bilang pangulo ng PAPI.

Congrats Prexy Santos at ganoon din sa lahat ng mga nahalal na opisyales.

Makapigil hininga ang kahuli-hulihang balota para sa posisyon ng executive vice president.

Tabla kasi sa counting sina Mr. Borres at Atty. Panambo na ang last ballot sana na binunot ang magsisilbing tie breaker.

Gayunman ay walang nakasulat o walang ibinotong executive vice president doon sa last ballot.

Nagkasundo na lamang sina Mr. Borres at Atty. Panambo ng sharing ng kanilang term o paglilingkod sa PAPI.

Batiin ko rin ang publisher ng Gilas Express Balita na si Mr. Jun Maligalig na hindi pinalad subalit ikatlo sa puwesto para sa posisyong board of director for Luzon.

On the spot o biglaan kasi ang ginawang nominasyon kay Pareng Jun.

Matagal ko rin nakasama si Pareng Jun noong panahong isa ako sa editorial staff ng daily newspaper na Pahayagang Toro.

Next time, sure na 'yan Pareng Jun M.

@@@

May konting intriga nga noong araw na iyon pero hindi naman po tungkol sa PAPI.

Ang inyo pong lingkod o ang aking dyaro ang tila iniintriga subalit hindi ko na ikukuwento o ilalahad.

Isa lamang po ang aking sasabihin, ang HANEP ay walang sino mang inaapakan o aapakang tao o kapwa mamamahayag.

Sanay na sanay na ako riyan eh halos tatlong dekada na po ako sa larangan ng pamamahayag.

Iyon lamang po, sana ay itigil na ang intri-intriga.

Mabuhay ang PAPI. Mabuhay ang lahat ng publisher.

# Cavite LGUs ink pact with cops on community service-oriented policing

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite** - Local Government Units (LGUs) of the cities of General Trias and Imus and the Cavite Provincial Police Office forged a Memorandum of Agreement (MOA) on Community and Service-Oriented Policing (CSOP) at the Cavite Provincial Capitol Ceremonial Hall here Monday.

The signatories to the agreement included Gen Tri City Mayor Antonio Ferrer, Imus City Emmanuel Maliksi, GenTri acting chief of police Supt. Paul Bometivo, Imus City chief of police Supt. Audie Madrideo, National Police Commission (NAPOLCOM) Calabarzon Regional Director Angelito R. Ravanera and Councilor Gary Grepo, acting chair of the GenTri City Advisory Council and chair of the city council's Peace and Order Committee.

Witnessing the signing ceremony were NAPOLCOM-4A representative Edna Montoya, Cavite police provincial director Senior Supt. William Segun, GenTri's Association of Barangay Captains president JM Vergel Columna and Imus Liga ng Barangay vice-chair Jerry Vilbar.

The partnership aims "to promote peace and order, ensure public safety and strengthen local government capability aimed towards the effective delivery of basic service to the citizens, " according to the MOA.

The CSOP introduces a strategic change agenda, policing approaches and development of police operational strategies from the traditional police functions to problem-focused and community-oriented policing system into the new concept of community and service-oriented policing system.

A salient feature of the CSOP concept is to enjoin various stakeholders such as the NAPOLCOM, PNP, LGU and the citizenry from their traditional and separate plans and programs into the integrated programs.

The CSOP also calls for sharing of resources derived from consultation, coordination and cooperation among the various stakeholders thus ensuring strengthened partnerships and collaboration. ***(Dennis Abrina/PNA)***

# Lider ng 'Obet Hold-up Group' sa Cavite, tiklo

MAKARAANG ang tatlong linggong paghahanap, nalambat na rin ng Cavite Police ang leader ng Obet holdap group na responsible sa serye ng panghoholdap sa probinsya ng Cavite.

Balik kulungan ang suspek na si Norberto Doctor, alias Obet, 47, tubong Pangasinan, taxi driver at ng 11 Narra St., Brgy Aniban I, Bacoor City.

Sa report ng Bacoor City Police Station, dakong alas 10:20 ng madaling araw nang naaktuhan ang suspek sa Brgy. Kaingen.

Bago ang pagkaaresto sa suspek, ikinasa ng Bacoor CPS ang tatlong linggong paggalugad sa mga kriminal at mga wanted na nagresulta sa pagkakaaresto kay Doctor.

Si Doctor ang tinaguriang Leader ng Obet Robbery Hold-up Group sa Bacoor at kalapit bayan at siyudad.

Nakulong din si Doctor sa New Bilibid Prison ng 3 kaso ng murder na naganap sa Las Pinas City at may nakabinbin itong 2 standing warrant of arrest ng Robbery sa Bacoor at murder case sa Nueva Ecija.

Ang suspek ay nakakulong sa Bacoor City Custodial Center. **GENE ADSUARA**